**Cultivating the Humanities and Social Sciences Initiative**

**(Pagsulong sa Paglinang ng Humanidades at Agham Panlipunan)**

Sa pamamahala ng Association for Asian Studies (AAS) at tulong ng Sweden, masusuportahan ang mga iskolar mula sa Timog at Timog-Silangang Asya na may pinansiyal na pangangailangan sa pamamagitan ng proyektong nagkakahalaga ng $2.68 milyong dolyar. Ang proyektong ito ay susuporta sa mga iskolar mula sa mga lugar at bansang nakararanas ng matinding suliranin, tulad ng mga baguhang guro, mga mag-aaral ng Master's at Ph.D., mga beterano at independiyenteng iskolar, kababaihan, at mga grupo ng minorya kabilang ang mga pangkat etniko.

Ang proyektong **"Cultivating the Humanities and Social Sciences (CHSS) and Supporting Under-represented Scholars of Asia"** o "Paglinang ng Humanidades at Agham Panlipunan at Pagsuporta ng mga Iskolar sa Asya na Kulang sa Representasyon" ay isang transnasyonal na proyektong tatagal ng apat na taon. Ito ay naglalayong mapabuti ang kakayahan sa pananaliksik ng mga iskolar at pamantasan sa mga piling bansa sa Timog at Timog-Silangang Asya. Ang grant o gawad ng AAS ay bahagi ng pagtulong ng Sweden sa mga bansa at rehiyon ng Asya na may mabababang ekonomiya, upang mapaunlad ang lipunan at mapababa ang kahirapan sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga lokal na mananaliksik. Bukás ang oportunidad na ito para sa mga miyembro at hindi miyembro ng AAS.

**Tungkol sa programa**

- Susuportahan ng mga igagawad na grant ang mga proyektong magsusulong sa disiplina ng humanidades at agham panlipunan sa mga rehiyon ng Asya na kulang sa representasyon. Kabilang sa humanidades ang kasaysayan, pilosopiya, relihiyon, mga wika, panitikan at sining (fine arts & performing arts). Kabilang naman sa agham panlipunan, ang antropolohiya, arkeolohiya, ekonomiks, heograpiya, batas, politika, sikolohiya, sosyolohiya, atbp.
- Inaanyayahan ng Association for Asian Studies ang paglahok ng mga aplikante mula sa mga bansang may mabababang ekonomiyasa **Timog-Silangang Asya tulad ng Cambodia, Lao, PDR, Myanmar, Timor-Leste, Indonesia, Pilipinas, Thailand, at Vietnam,** at maging sa mga bansang may pangangailangang pinansiyal sa **Timog Asya tulad ng Afghanistan,**

**Bangladesh, Bhutan, Pakistan, Nepal, Sri Lanka, at India**. Para sa mga aplikanteng mula Indonesia, Pilipinas, Thailand, Vietnam, at India, uunahing pag-aralan ng komite ang mga proyektong mula sa mga rehiyon at institusyong may kakulangan sa kakayanan.

- Hinihikayat din ang mga kolaboratibong proyekto, lalo na sa pagitan ng mga iskolar mula sa mga institusyong may kakayanan at ng mga iskolar mula sa mga institusyong kulang sa kakayanan.
- Dagdag pa, hinihikayat ng programa ng CHSS ang pananaliksik ng mga sumusunod na paksa:
    1. Kaunlaran
    2. Demokrasya
    3. Karapatang Pantao
    4. Kasarian
    5. Kapaligiran
- Maaaring magkakahiwalay o magkakasama ang pananaliksik sa mga paksang ito, o sa paraang magkasanib ang disiplina ng humanidades at agham panlipunan.
- Tinatanggap din ng programa ang mga proyektong naglalayong magtala, mapanatili, at mapalaganap ang mga nanganganib na wika, pasalitang kasaysayan (oral histories), at tradisyonal na karunungan.
- Isang non-profit organization ang **Forest Foundation Philippines** na nagbabahagi ng mga grant at tulong teknikal sa mga nais mapangalagaan at maproteksiyunan ang kagubatan. Naglaan ng pondo ang Forest Foundation Philippines para sa mga Pilipinong may proyektong may kinalaman sa konserbasyon at restorasyon ng kagubatan, pagsuporta sa mga komunidad na naninirahan at nakasalalay ang kabuhayan sa kagubatan, mga katutubong karunungan, pagmamapa ng kagubatan, polisiya at pamamahala ng kagubatan, at iba pang mga uri ng paglikha ng kaalaman sa anumang disiplina ng humanidades at agham panlipunan. **Hinihikayat na magpasa ng aplikasyon ang mga iskolar na kulang sa representasyon, kabilang ang mga katutubong iskolar, kababaihan, at mga baguhang mananaliksik, lalo na ang mga mula sa Palawan, Sierra, Madre, Samar at Leyte, at Bukidnon at Misamis Oriental.** Para sa iba pang impormasyon tungkol sa mga programa ng Forest Foundation Philippines, bisitahin lamang ang www.forestfoundation.ph.

- Kailangang nakasuporta ang gagawing pananaliksik sa mga gawain ng iskolar o estudyante ng Ph.D. o Master's tulad ng tesis, disertasyon, ilalathalang libro, manuskrito, akdang pangkumperensiya, o artikulo sa akademikong pahayagan.
- Iimbitahan ang mga magagawaran ng grant ng CHSS na magpasa ng panel proposal sa isang kumperensiya ng AAS sa Asya, upang mabigyan ng pagkakataong makapagbahagi ng resulta ng pananaliksik, lumahok sa mga pagsasanay, o mailathala sa mga peer-reviewed na akademikong pahayagan sa Asya, Europa, Estados Unidos, at maging sa publikasyon ng AAS.
- Sa **Setyembre 1, 2023** ang huling araw ng pagpasa ng mga aplikasyon.
- Pagdedesisyunan ang mga aplikasyon sa **Nobyembre 30, 2023**, at ipapaalam naman ang resulta nito sa mga aplikante sa **Disyembre 2023**.
- Igagawad ang mga grant, sa pag-unawang sa loob ng dalawang taon matapos ang proyekto ay ibabahagi ang resulta ng pananaliksik sa isang kumperensiya ng AAS sa Asya, o iba pang halintulad na pandaigdigang pagpupulong. Kailangang kilalanin ang AAS-Sweden Cultivating the Humanities and Social Sciences Research Grants o ang Forest Foundation Philippines sa anumang publikasyong batay sa pinondohang pananaliksik.

*Maaaring gamitin ang pondo sa:*

- Pananaliksik ng mga iskolar o mag-aaral sa Ph.D. at Master's na kailangan sa pagbuo ng tesis, disertasyon, ilalathalang libro, manuskrito, akdang pangkumperensiya, o artikulo sa akademikong pahayagan ng humanidades o agham panlipunan.
- Maikling seminar o workshop na pang-iskolar.
- Pagsasalin, paglikha ng kurikulum, o pagbuo ng aklat-pampaaralan na makatutulong sa pagpapalaganap at implementasyon ng resulta ng pananaliksik.
- Mga pelikulang dokumentaryo at mga proyekto sa sining biswal.

*Hindi maaaring gamitin ang pondo:*

- Sa mga gastusin sa biyahe at panuluyan kung lalahok sa isang akademikong kumperensya.
- Kasabay ng iba pang grant sa pananaliksik.

**Sino ang mga maaaring magpasa?**

- Hinihikayat na magpasa ang mga nakapagtapos ng pag-aaral ng MA o Ph.D., mga baguhang iskolar, at beteranong iskolar.
- Mga miyembro ng komunidad ng Araling Asyano na kulang sa representasyon, o mula sa mga lugar na nakararanas ng matinding suliranin o kaguluhan sa kasalukuyan.
- Mga nakatira sa mga bansa sa Timog at Timog-Silangang Asya na may mabababang ekonomiya.
- Hinihikayat ding magpasa ang mga estudyanteng nakapagtapos ng Master's ngunit hindi makapagpatuloy sa Ph.D. dahil sa mga hindi inaasahang sitwasyon.

**Ideyal na mga aplikante ang mga nakatira o galing sa mga sumusunod na lugar:**
Mga bansa sa **Timog-Silangang Asya** na may mabababang ekonomiya tulad ng **Cambodia, Lao, PDR, Myanmar, Timor-Leste, Indonesia, Pilipinas, Thailand, at Vietnam** at mga bansa sa **Timog Asya** na may pangangailangang pinansiyal tulad ng **Afghanistan, Bangladesh, Bhutan, Pakistan, Nepal, Sri Lanka, at India)**. Para sa mga aplikasyon mula sa Indonesia, Pilipinas, Thailand, Vietnam, at India, uunahing pag-aralan ng komite ang mga proyektong mula sa mga rehiyon at institusyong may kakulangan sa kakayanan.

Dahil sa dami ng mga natatanggap na aplikasyon sa programa, **hindi maaaring magpasa ang mga dati nang nakatanggap ng grant ng CHSS** kung hindi pa nakalilipas ang dalawang taon mula nang matanggap ang naunang CHSS grant.

**Paano magpasa?**

- Tandaan na **tatanggapin lang ang mga aplikasyon na ipapasa sa portal.**
- **Hindi tatanggapin ang mga ipinasa sa email.**
- **Sa Setyembre 1, 2023 ang huling araw ng pagpasa ng mga aplikasyon.**
- Kailangang magpasa ng isang (1) liham ng rekomendasyon mula sa isang referee. Abisuhan ang referee bago padalhan ng imbitasyong magpasa ng liham. Makatatanggap ang referee ng automated email mula sa AAS Grants Manager na si Molly DeDona at

grants@asianstudies.org, na naglalaman ng link patungo sa portal.. Kung makaranas ng problemang teknikal, ipagbigay alam agad ito sa AAS Grants Manager.

Mga Kailangan Ihanda:

- Isang maikling liham na naglalaman kung:
    - Paano gagamitin ang grant sa pananaliksik
    - Paano ito makatutulong sa paglago ng propesyon ng aplikante
    - Paano ito makatutulong sa disiplina ng pag-aaral ng Timog o Timog-Silangang Asya
    - Ano ang kaugnayan ng proyekto o aplikante sa mga rehiyon sa Timog o Timog-Silangang Asya na may mababang ekonomiya at pangangailangang pinansiyal
- Curriculum vitae (CV) na may dalawang pahina, nakasulat sa Ingles, at naglalaman ng:
    - Pinakamataas na pang-akademikong pag-aaral, kabilang ang institusyong naggawad nito, pokus na disiplina, at taón kung kailan nakamit ito.
    - Mga karanasang pang-akademiko sa pamantasan, tulad ng pagtuturo at pananaliksik. Para sa bawat posisyon, banggitin ang institusyon, departamento/faculty, pangalan ng posisyon, full-time o part-time, at mga petsa ng mga katungkulan.
    - Maikling listahan ng mga publikasyon (kung mayroon)
    - Tiyakin na lagyan ng palatandaan ang mga ginawang nasa wikang Ingles o may abstrak sa Ingles
    - Ihanda rin ang CV ng sinumang Co-Principal Investigator at ng mga kasamahan sa grupo.
- Proposal ng proyektong pananaliksik na may 800 – 1,000 salita (kasama ang mga sanggunian)
- Badyet ng proyekto
- Kopya ng gawang sulat ng aplikante (walang takdang haba ngunit naaayon ang 2,000 – 2,500 na salita)
- Listahan ng mga iba pang natanggap na grant sa pananaliksik
- Timeline (pinakamaikli ang 2 buwan at pinakamatagal ang 12 buwan).
    - Inaasahan ang pagababahagi ng mga resulta ng pananaliksik sa isang kumperensiya ng AAS sa Asya, o sa iba pang halintulad na pandaigdigang pagpupulong  sa loob ng

dalawang taon pagkatapos ng proyekto. Kailangang kilalanin ang AAS-Sweden Cultivating the Humanities and Social Sciences Research Grants o ang Forest Foundation Philippines sa anumang publikasyon batay sa pinondohang pananaliksik.
    - Ang maikling grant ay maaaring tumagal ng apat (4) na buwan pababa, samantalang ang matagalang grant naman ay maaaring umabot ng hanggang 12 buwan.
- Isang liham ng rekomendasyon mula sa isang referee na maalam sa disiplina ng pananaliksik ng aplikante.
    - Uunahin ang mga aplikanteng hindi pa nakatanggap ng grant sa pananaliksik o mula sa institusyong may kakulangan sa kakayanan. Kailangang abisuhan ng aplikante ang referee na ang pagpapasa ng liham ng rekomendasyon sa online portal ay hanggang Setyembre 1, 2023 lamang.
- Igagawad ang mga grant, sa pag-unawang sa loob ng dalawang taon matapos ang proyekto ay ibabahagi ng mga ginawaran ang resulta ng kanilang pananaliksik sa isang kumperensiya ng AAS sa Asya, o sa iba pang halintulad na pandaigdigang pagpupulong. Kailangang kilalanin ang AAS-Sweden Cultivating the Humanities and Social Sciences Research Grants o ang Forest Foundation Philippines sa anumang publikasyon batay sa pinondohang pananaliksik.

**FAQs**

***Magkano ang puwede kong hingin na pondo?***

Depende ito sa tagal ng iyong proyekto ngunit humigit kumulang ito ay nasa $1,000 bawat buwan. Halimbawa, mangangailangan ng $1,000 – $2,000 USD ang proyektong tatagal ng 1 – 2 buwan, ng $3,000 – $6,000 ang proyektong tatagal ng 3 – 6 buwan, atbp. Karaniwang nasa $2,000 – $12,000 ang mga grant ng CHSS.

***Kailangan bang miyembro ako ng AAS para makapagpasa?***

Hindi kailangang maging miyembro ng AAS para makapagpasa ngunit bukás din ito para sa mga miyembro ng AAS.

***Saan maaaring gamitin ang pondo?***

- Pananaliksik ng mga iskolar at mga estudyante sa Ph.D. at Master's na kailangan sa pagbuo ng tesis, disertasyon, ilalathalang libro, manuskrito, akdang pangkumperensiya, o artikulo sa pahayagan sa humanidades at agham panlipunan.
- Maiiksing seminar at workshop na pang-iskolar.
- Pagsasalin, paglikha ng kurikulum, at pagbuo ng aklat pampaaralan na makatutulong sa pagpapalaganap at implementasyon ng resulta ng pananaliksik.
- Mga pelikulang dokumentaryo at mga proyekto sa sining biswal.

***Saan hindi maaaring gamitin ang pondo?***

- Sa mga gastusin sa biyahe at panuluyan kung lalahok sa isang akademikong kumperensya..
- Hindi maaaring gamitin ang pondo kasabay ng iba pang grant sa pananaliksik.

***Maaari ba ang stipend sa grant na ito?***

Hindi maaaring isama sa gastusin ang stipend, suweldo, at bayad sa paggawa.

***Kailan malalaman ang desisyon ng mga matatanggap? Kailan ako masasabihan kung natanggap ako?***

Ang pagdedesisyon ay gagawin sa Nobyembre 30, 2023, at ipagbibigay alam ang resulta sa mga aplikante sa Disyembre 2023.

***Paano ipamamahagi ang pondo?***

Para sa lahat ng grant sa pananaliksik, may maiiwan sa AAS na 20% ng kabuuang pondo na ibibigay lamang matapos ang pananaliksik at pagpapasa ng ulat.

Para sa mga grant ng pananaliksik na susuportahan ng Forest Foundation Philippines, direktang ibibigay ng Foundation ang pondo.

***Mula ako sa Timog/Timog-Silangang Asya, pero kasalukuyan akong nakatira sa labas ng Timog/Timog-Silangang Asya. Maaari ba akong magpasa?***

Oo. Kung kasalukuyang nanunuluyan sa isang institusyong may kakayanan, hinihikayat ang mga kolaboratibong proyekto, lalo sa pagitan ng mga iskolar mula sa mga institusyong may kakayanan at ng mga iskolar mula sa mga institusyong kulang sakakayanan. Kailangan lang na may kahit isang kasama sa proyekto na mula sa **Cambodia, Lao PDR, Myanmar, Timor-Leste, Indonesia, Pilipinas, Thailand, Vietnam, Afghanistan, Bangladesh, Bhutan, Pakistan, Nepal, Sri Lanka, o India**.

***Ano-anong bansa ang maaaring sumali?***

Inaanyayahan ng Association for Asian Studies ang mga aplikasyon mula sa **Timog-Silangang Asya** na may mababababang ekonomiya tulad ng **Cambodia, Lao, PDR, Myanmar, Timor-Leste, Indonesia, Pilipinas, Thailand, at Vietnam** at maging sa mga bansa sa **Timog Asya** na may pangangailangang pinansiyal tulad ng **Afghanistan, Bangladesh, Bhutan, Pakistan, Nepal, Sri Lanka, at India**. Para sa mga aplikasyon mula sa Indonesia, Pilipinas, Thailand, Vietnam, at India, uunahing pag-aralan ng komite ang mga aplikasyon mula sa mga rehiyon at institusyong kulang sa kakayanan. Maaari ding tanggapin ang mga aplikasyon mula sa **Maldives.**

***Ano ang ibig sabihin ng "institusyong kulang sakakayanan"?***

Ang tinutukoy sa "institusyong kulang sakakayanan" ay ang mga pamantasan at think tanks na may pangangailangang pinansiyal at kakulangan sa tao upang patuloy na mapalago ang kapasidad sa pananaliksik sa humanidades at agham panlipunan. Karaniwang limitado ang oportunidad samga institusyong ito pagdating sa mga grant para sa faculty, fellow, at mga estudyante. Maaaring ito ay nasa laylayan ng malalaking lungsod.

***Maaari bang sumali ang mga estudyante sa MA?***

Oo, maaaring sumali ang mga estudyante sa MA at Ph.D.

***Maaari ba akong sumali kung mayroon akong student loan?***

Ang mga indibidwal na may student loan na planong gamitin ang grant ng CHSS bilang pambayad ng matrikula ay hindi makatatanggap ng grant.

***Maaari ba akong magpasa ng maraming aplikasyon?***

Oo, ngunit isang proyekto lang ng pananaliksik ang mapopondahan sa bawat aplikante.

***Ilang liham mula sa referee ang kailangan sa isang proyektong pangkatan o co-PI?***

Isang liham lamang mula sa referee ang kailangan sa bawat aplikasyon. Tulad ng mga indibidwal na proyekto, ang mga proyektong pangkatan o co-PI, ay nangangailangan rin ng maalam nareferee sa larangan ng pananaliksik. Mainam na may isang liham mula sa referee ang bawat co-PI.

***Ilang kopya ng gawang sulat ang kailangan sa isang proyektong pangkatan o co-PI?***

Hindi lalampas sa 2,500 salita ang gawang sulat para sa proyektong pangkatan o co-PI.  Para sa mga proyektong co-PI, sapat na ang 1,250 salita bawat indibidwal. Para naman sa proyektong pangkatan, ang gawang sulat ay dapat manggaling sa pinuno ng pangkat, ngunit maaari ring magsama ng mga sulat o papel na magkatuwang na sinulat at pinamatnugutan.

***Hanggang kailan ko kailangan pagtrabahuan ang aking proyekto?***

Igagawad ang grant, sa pag-unawang sa loob ng dalawang taon matapos ang proyekto, ay ibabahagi ang resulta ng pananaliksik sa isang kumperensiya ng AAS sa Asya o iba pang halintulad na pandaigdigang pagpupulong o kumpirensya. Kailangang kilalanin ang AAS-Sweden Cultivating the Humanities and Social Sciences Research Grants o ang Forest Foundation Philippines sa anumang publikasyong batay sa pinondohang pananaliksik.

***Mula ako sa isang bansa sa Timog-Silangang Asya na maaaring sumali, ngunit may iba pa akong nasyonalidad. Maaari pa rin ba akong sumali?***

Oo, maaaring sumali ang mga aplikanteng may dalawang nasyonalidad.

***Maaari din bang sumali ang mga independiyenteng mananaliksik na hindi kabilang sa anumang institusyon?***

Maaaring sumali ang mga independiyenteng mananaliksik na miyembro ng mga think tank, NGO, o walang kinabibilangang institusyon.

***Mula ako sa Timog-Silangang Asya ngunit hindi sa mga nabanggit na bansa, posible ba akong makasali kung may kasama akong mananaliksik mula sa mga nabanggit na bansa?***

Maaaring magpasa ng magkatuwang na aplikasyon, ngunit dapat maunawaan na ang layunin ng grant na ito ay ang mabigyan ng pagkakataon ang mga iskolar at institusyong  kadalasan aywalang nakukuhang tulong na pinansiyal. Sa kasong ito, tiyaking malinaw sa ipapasang badyet na masusuportahan ang mananaliksik na pangunahing pinaglalaanan ng grant na ito.

***Mayroon bang limitasyon sa edadang maaaring magpasa?***

Walang limitasyon sa edada ng mga aplikante.

***Kung hindi ako matatanggap ngayon, maaari ba akong sumali sa susunod?***

Oo, maaari pang sumali sa susunod na taon.  Maaari ring ipasa ang proposal sa ibang programa kung mahihinuhang pasok ito sa iba pang grant ng AAS. Ipapaalam sa aplikante kungmaaaring ipasa ang proposal sa iba pang oportunidad.

***Tatanggapin ba ang mga proposal na mayroong kolaborasyon sa mga ahensiya ng gobyerno tulad ng kagawaran ng edukasyon o pambansang museo?***

Oo, tatanggapin ang mga proyektong may kolaborasyon sa gobyerno o lokal na NGO dahil isa sa mga layunin ng  CHSS ang matulungan ang mga bansa sa Timog at Timog-Silangang Asya na may mababababang ekonomiya, sa pamamagitan ng mga pananaliksik na magreresulta sa mga polisiyang may kinalaman sa pagsulong ng kapayapaan, kooperasyon, at kaunlaran.

***Dati na akong nakatanggap ng grant ng CHSS, maaari pa ba akong sumali ngayong taon?***

Dahil sa dami ng mga natatanggap na aplikasyon sa programa, hindi maaaring magpasa ang mga dati nang nakatanggap ng grant mula saCHSS kung hindi pa nakalilipas ang dalawang taon mula nang matanggap ang naunang  CHSS grant.